

Reduksyon ng mga Asignaturang Filipino sa Kolehiyo: Isang Pagsusuri sa Pagpapahalagang Pangwika ng Estudyante sa Tersyarya ng WMSU

Gener-Gabriel B. Arcillas¹, Angela Reine M. Bedon² Alexa Ricca B. Enriquez³,
Raziella Ann R. Julia⁴, Marco R. Legaspi⁵

¹Bachelors of Secondary Education, College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines

ABSTRACT: This quantitative-descriptive study examined the effects of reduced Filipino subjects under CHED CMO No. 20, Series of 2013 on the linguistic valuing of 60 tertiary students across six colleges at Western Mindanao State University (WMSU). Using purposive sampling and a reliable survey questionnaire (.939 Cronbach's Alpha), data were analyzed through frequency, percentage distribution, and weighted mean. Results revealed that despite reduced units, students maintain a very high overall valuing of the Filipino language (4.44 grand mean). They recognize it as a foundation of national identity (4.43), an essential curriculum component (4.38), and a critical skill for their professional future (4.53). However, a moderate score (3.13) regarding the sufficiency of basic education Filipino instruction highlights a perceived need for continued college-level teaching. Grounded in the theories of Vygotsky, Norton, Bobbitt, and Tyler, the study affirms that language is vital for intellectual development, identity formation, and career readiness. Recommendations include retaining and strengthening tertiary Filipino courses, developing contextualized teaching materials, and conducting further research to address students' linguistic needs.

KEYWORDS: Linguistic Valuing, Subject Reduction, Filipino Language, Tertiary Curriculum, National Identity

ABSTRAK: Nagsuri ang kwantitatibo-deskriptibong pag-aaral na ito sa epekto ng reduksyon ng mga asignaturang Filipino alinsunod sa CHED CMO Blg. 20, Serye ng 2013 sa pagpapahalagang pangwika ng 60 mag-aaral mula sa anim na kolehiyo ng Western Mindanao State University (WMSU). Gamit ang purposive sampling at pinagkakatiwalaang sarbey-talatanungan (.939 Cronbach's Alpha), sinuri ang datos sa pamamagitan ng frequency, percentage distribution, at weighted mean. Ipinakita ng resulta na sa kabila ng pagbabawas ng yunit, nananatiling napakataas ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wikang Filipino na may pangkalahatang grand mean na 4.44. Kinikilala nila ito bilang pundasyon ng pambansang identidad (4.43), mahalagang bahagi ng kurikulum (4.38), at kritikal na kasanayan sa kanilang propesyonal na kinabukasan (4.53). Gayunpaman, nakatala ang katamtamang antas (3.13) sa pananaw na sapat na ang Filipino sa basic education, na nagpapahiwatig ng pangangailangan sa patuloy na pagtuturo nito sa kolehiyo. Ayon sa mga teorya nina Vygotsky, Norton, Bobbitt, at Tyler, napatunayang ang wika ay pundasyon ng intelektwal na pag-unlad, identidad, at kahandaan sa propesyon. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagpapanatili ng Filipino sa tersyarya, pagbuo ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo, at mas malalim na pananaliksik upang matugunan ang pangangailangang pangwika ng mga mag-aaral.

KEYWORDS: Pagpapahalagang Pangwika, Reduksyon ng Asignatura, Wikang Filipino, Kurikulum sa Tersyarya, Pagkakakilanlang Pambansa.

I. INTRODUCTION

Ang wika ay higit pa sa isang kasangkapan ng pakikipagtalastasan. Ito ay may mas malalim pa na kahulugan na sumasalamin sa kaluluwa ng isang bansa at pangunahing instrumento sa paghubog ng kolektibong identidad. Ito rin ay nagsisilbing daluyan ng talino at pambansang pagkakaisa ng wikang Filipino. Ang pahayag na ang wika ay sumasalamin sa kultura ay madalas na iniuugnay sa pananaw ni Henry Gleason, isang linggwista, ayon sa kanya, ang wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi tumutukoy sa paniniwala, kaugalian, at pagkakakilanlan ng mga taong gumagamit nito.

Ang Commission on Higher Education (CHED) ay ang ahensyang namamahala sa tersyarya ng edukasyon sa Pilipinas. Ipinatupad nito ang CMO No. 20, Series of 2013 na mas kilala bilang General Education Curriculum na nagbawas ng mga General Education subject sa kolehiyo tungo sa tatlumput anim (36) units para umayon sa K-12 program, kung saan naging opsyonal na lamang ang pagtuturo ng Filipino at Panitikan. Ito ay isang hakbang upang bigyang-daan ang pagpapaigting ng mga teknikal na kurso sa Agham at Teknolohiya. Bukod dito, pinaubaya ng kautusan sa mga unibersidad ang pagpili kung Ingles o Filipino ang gagamiting midyum ng pagtuturo sa mga natitirang asignatura.

Sa gitna ng mga polisiyang nagbabanta sa katayuan ng wikang pambansa, umusbong ang Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika) bisang samahan ng mga guro at iskolar na naglalayong mapanatili ang Filipino sa kolehiyo. Noong taong 2015, matagumpay nilang nakuha ang Temporary Restraining Order (TRO) ang Korte Suprema laban sa CMO No. 20, s. 2013 ng CHED upang pansamantalang ihinto ang pagtatanggal sa mga asignaturang Filipino at Panitikan. Sa pamamagitan ng adbokasiya at pananaliksik, patuloy na isinusulong ng alyansa ang Filipino bilang pundasyon ng isang makabayan at makabuluhang edukasyon.

Sa kasalukuyang sitwasyon ng edukasyon sa Pilipinas, isa sa mga pinakamainit na isyung pinagdedebatehan ay ang reduksyon ng mga asignaturang Filipino sa antas tersyarya. Ang pagbabagong ito sa kurikulum ng kolehiyo ay naglipat ng ilang kursong dati ay itinuturo sa kolehiyo patungong Senior High School. Ayon kay San Juan ng Tanggol Wika (2023), ang pagpapanatili ng mga asignaturang Filipino at Panitikan sa tersyarya ay kabilang sa paghubog ng pagkakaroon ng malayang pag-iisip na may pagmamahal sa bayan. Binigyang-diin niya na ang patuloy na pagbura sa mga asignaturang ito ay inaatake ang karapatan nating maitaguyod ang sariling wika para sa pambansang kultura, kamalayan at tunay na pag-unlad ng bayan.

Ang naturang reduksyon ay nagbunga ng iba't ibang reaksyon at naging sanhi ng malalim na diskusyon sa iba't ibang larangan ng lipunan. Ang pagbabawas ng mga asignaturang Filipino ay hindi lamang simpleng pagbabago sa kurikulum kundi isang malaking banta sa pagpapayaman at pagpapalaganap ng wikang pambansa. Naniniwala sila na ang kolehiyo ang huling tanggulan ng wikang Filipino para sa masusing pag-aaral at paglinang. Sa kabilang banda, ayon sa dating CHED Chairperson na si Licuanan (2014), mariin niyang ipinagtanggol ang desisyon ng CHED na tanggalin ang Filipino bilang core subject sa kolehiyo. Sa isang opisyal na pahayag, sinabi niya na ang Filipino ay hindi lamang dapat ituro bilang asignatura, kundi dapat itong gamitin sa oral at written forms. Subalit, iminungkahi niya na dapat gamitin ang Filipino bilang medium ng pagtuturo sa iba't ibang General Education Subjects sa halip na ituro bilang isang hiwalay na asignatura.

Sa kabila ng mga petisyon at protestang legal, ang reduksyon ng mga asignatura o course subject na Filipino ay unti-unti nang naipatupad sa maraming unibersidad sa bansa, bagama't ang pangkalahatang argumento ng CHED ay sapat na ang pagtuturo ng Filipino sa Elementarya at Sekondarya at nagresulta ng pagtutol ng kararamihan kabilang na ang mga propesor, mag-aaral, manunulat, at cultural workers. Ang kanilang pangamba ay hindi lamang sa pagkawala ng mga trabaho ng tinatayang sampung libo (10,000) guro ng Filipino, kundi lalo't higit sa epekto nito sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang pambansa.

Ang pagbabawas ng mga asignaturang Filipino ay nagbubukas ng diskurso sa epekto nito sa pananaw at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa sariling wika. Kapag nababawasan ang exposure sa akademikong paggamit ng Filipino, nagkakaroon ng panganib na ituring na lamang itong mababang uri ng komunikasyon sa halip na isang seryosong disiplina. Ayon sa panayam kay Roy Rene Cagalingan, isang Senior Language Researcher sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang pagtuturo ng Filipino at Panitikan sa tersyarya ay mahalaga upang mapalakas ang pambansang pagkakakilanlan at pagpapalaganap ng kaalaman. Alinsunod sa 1987 Konstitusyon, ang Filipino bilang wikang pambansa ay dapat manatiling pundasyon ng ating identidad sa gitna ng hamon ng globalisasyon. Idinagdag niya na ang panitikan ay nagsisilbing salamin ng ating kultura at gabay upang mas maunawaan ng mga mamamayan ang kanilang pinagmulan. Binigyang-diin din niya na hihimukin ng KWF ang mga Higher Education Institution (HEIs) na ipagpatuloy ang pagtuturo ng mga naturang asignatura.

Dagdag pa rito, mariing ipinaalala ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang tungkulin ng pamahalaan na pangalagaan at pagyamanin ang karunungan ng bayan sa pamamagitan ng pagtuturo at pagpapaunlad ng wika at panitikang pambansa. Binigyang-diin din ng KWF na magaganap lamang ang holistiko at makabayang edukasyon ng kabataang Pilipino kung ganap na babalikatin at isasalooob ng mga institusyon ng pamahalaan ang mga probisyong pangwika na inilagtag sa 1987 Konstitusyon. Sa madaling salita, ang interpretasyon ng Saligang Batas ay hindi dapat mabilanggo sa mga teknikal na aspekto, kundi dapat itaguyod ang tunay na adhikain at kapakanan ng mamamayang Pilipino.

Bagama't marami nang pag-aaral ang sumuri sa wikang Filipino, nananatiling fragmented ang mga ito dahil sa pagtuon sa isang aspeto lamang gaya ng identidad, kurikulum, o propesyon. Sa pamamagitan ng pagsama ng mga teknikal na kurso gaya ng Engineering at Computing Studies, binibigyang-linaw ng pag-aaral na ito ang domino effect ng CMO No. 20 sa pagkatao at kabuhayan ng mga mag-aaral, isang ugnayang hindi pa lubos na naipaliliwanag sa mga nakaraang literatura na tinignan lamang ang isang bahagi sa malawak na problema.

Layunin ng pananaliksik na ito na punan ang naturang puwang sa pamamagitan ng pag-uugnay sa tatlong dimensyong ito nang sabay-sabay upang ipakita ang linear na epekto ng reduksyon ng asignaturang Filipino at kung paano ang pagbabago sa kurikulum ay nagsisilbing pangunahing sanhi ng paghina sa pagpapahalagang pangwika na kalaunan ay nagreresulta sa kakulangan ng kasanayan sa trabaho. Ninanais ng pag-aaral na ito na matukoy kung ang kakulangan sa akademikong yunit ay nagreresulta sa paghina ng pagkilala at pagmamahal sa wikang Filipino, o kung nananatili itong matatag sa kabila ng mga pagbabago sa kurikulum. Sa kabuuan, ang pag-aaral ito ay magbibigay ng batayan na magiging kapaki-pakinabang sa pagbuo ng patakaran upang higit pang mapaunlad ang Filipino sa loob at labas ng unibersidad.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang epekto ng reduksyon ng mga asignaturang Filipino sa pagpapahalagang pangwika ng mga mag-aaral sa tersyarya. Partikular, Hinahangad nitong maunawaan kung paano naaapektuhan ng pagbabagong ito sa kurikulum ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kahalagahan ng wikang Filipino sa kanilang edukasyon, identidad, at paghahanda sa kanilang hinaharap na propesyon.

Partikular na sasagutin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng pagkilala ng mga mag-aaral sa wikang Filipino bilang pundasyon ng kanilang identidad at kritikal na pag-iisip?
2. Ano ang saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa kabuluhan ng wikang Filipino sa kanilang kasalukuyang kurikulum?
3. Paano tinatasa ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagpapanatili ng asignaturang Filipino kaugnay ng kanilang paghahanda para sa hinaharap na propesyon

III. KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang bahaging ito ay naglalaman ng akademiko at propesyonal na babasahin na sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral at may kinalaman sa kahalagahan ng wikang Filipino sa pagbuo ng identidad, ang epekto ng mga pagbabago sa kurikulum, at ang papel nito sa paghahanda para sa hinaharap na propesyon. Nilayon ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral na ito na patatagin ang mga argumento at layunin ng mga mananaliksik.

3.1 Ang Filipino bilang Pundasyon ng Identidad at Kritikal na Pag-iisip

Ang persepsyon ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng wikang Filipino ay may malaking impluwensya sa kanilang pagpapahalaga sa sariling wika at kultura. Ayon sa isang pag-aaral ni Macalalad (2019) karamihan sa mga mag-aaral ay may positibong saloobin at aktibong paggamit ng Filipino bilang wika sa pagkatuto, na nagpapakita ng mataas na antas ng kanilang pagpapahalaga rito sa konteksto ng edukasyon at interaksyon sa klase. Binigyang-diin nina Darupan et al. (2022) na ang paggamit ng Filipino sa pag-aaral ng Panitikan, kultura, at kasaysayan ng Pilipinas ay naka pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aspektong kultural at makabayan.

Ayon kina Lansang at Zamora (2025), ang paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo ay makakatulong upang mas mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto sa kanilang pag-aaral. Sa kanilang pananaliksik tungkol sa paggamit ng Filipino sa Technical Vocational and Livelihood Education, natuklasan na ang paggamit ng wikang Filipino ay naka pagpapataas ng partisipasyon ng mga mag-aaral, pagpapabuti ng pagkatuto, at nagpapadali sa pagkuha ng mga kasanayang kinakailangan sa akademiko at teknikal na larangan. Dahil dito, nagiging mas handa ang mga mag-aaral sa paglalapat ng kanilang kaalaman sa mga praktikal na sitwasyon na may kaugnayan sa kanilang magiging propesyon sa hinaharap.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Dela Peña et.al (2025), na ang paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin at nagpapataas ng kanilang partisipasyon sa talakayan. Ipinapakita rin sa kanilang pag-aaral na ang paggamit ng sariling wika ay maaaring magsilbing tulay upang mas mapalalim ang koneksyon ng mga mag-aaral sa kanilang sarili at sa kulturang Pilipino, na maaaring makaapekto sa paghubog ng kanilang identidad bilang mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nauugnay sa pag-aaral nina De Mesa et al. (2020) na "Filipino: Senior High Students' Perceptions on the Removal of Filipino Subject in College", na sinuri ang mga pananaw ng walumpu't lima (85) mag-aaral ng Grade 12 hinggil sa Commission on Higher Education (CHED) Memorandum Order Blg. 20, Serye ng 2013. Ang nasabing memorandum ay nagbawas ng Filipino at Panitikan bilang mga pangunahing asignatura sa kolehiyo, na siyang parehong batayan ng pagbabago sa kurikulum na tinalakay sa kasalukuyang pag-aaral para sa WMSU.

Sa pag-aaral nina De Mesa et al. (2020), karamihan sa mga respondente ay may kaalaman tungkol sa pagbawas ng asignaturang Filipino at karamihan ay hindi sumasang-ayon dito. Ipinakita ng mga resulta na kinikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng wikang Filipino sa pagpapalakas ng kanilang mga kasanayan sa komunikasyon, pag-unawa sa kultura, at pagkamakabayan. Gayunpaman, kinikilala rin nila ang ilang benepisyo tulad ng pagbawas ng suliranin sa akademiko at mas maraming oras para sa mga asignaturang may kaugnayan sa kanilang kurso. Ang mga pananaw na ito ay nagsisilbing mahalagang batayan para maunawaan kung paano maaaring magkaroon ng katulad na pananaw ang mga estudyante ng WMSU sa kanilang pagpapahalaga sa wikang Filipino pagkatapos ng pagbawas ng mga asignaturang Filipino.

Bukod dito, kailangang suriin muli ang mga patakaran sa kurikulum upang matiyak na mapanatili ang kahalagahan ng wikang Filipino. Ito ay direktang nauugnay sa layunin ng kasalukuyang pag-aaral na suriin ang epekto ng reduksyon ng mga asignaturang Filipino sa pagpapahalagang pangwika ng mga estudyante sa WMSU, dahil pareho silang naglalayong suriin ang ugnayan ng mga pagbabago sa kurikulum at ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

3.2 Implikasyon ng Reduksyon ng mga asignatura sa Kurikulum

Ang pagbabago sa kurikulum ng kolehiyo sa Pilipinas, partikular ang reduksyon ng mga asignaturang Filipino sa General Education Curriculum, ay nagdulot ng iba't ibang pananaw mula sa mga mag-aaral at guro. Ayon sa pag-aaral na isinagawa sa HASAAN Journal (2015), tinutukoy ng may-akda na si San Juan ang paurong na epekto ng ilang patakarang pangwika sa kolehiyo, kabilang na ang limitasyon o pagbabawas ng puwang ng Filipino sa kurikulum. Binigyang-diin sa pag-aaral ang kahalagahan ng Filipino bilang asignatura at midyum ng pagtuturo sa kolehiyo, at ipinakita ang ugnayan ng wika sa pagpapatibay ng pambansang identidad at pagpapalago ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral nina De Mesa et.al (2020), lumitaw na maraming mag-aaral ang naniniwalang mahalaga pa rin ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa kolehiyo upang mapanatili ang koneksyon ng edukasyon sa kulturang Filipino. Ayon sa resulta ng kanilang pag-aaral, ang pagbabawas ng mga kursong Filipino ay maaaring makaapekto sa pagtingin ng mga mag-aaral sa kalidad at kabuluhan ng kasalukuyang kurikulum, lalo na kung hindi sapat ang integrasyon ng wikang Filipino sa iba pang asignatura.

Samantala, binigyang-diin nina Ringor et.al (2024) na may malaking pangamba ang mga guro na kung aalisin o babawasan ang Filipino subject sa Senior High School, maaaring mabawasan ang paggamit ng Filipino sa pormal na edukasyon at sa akademikong pagsulat, at mas mapalakas ang paggamit ng Ingles bilang pangunahing wika sa pag-aaral. May banta rin ng language shift na maaaring magpahina sa kasanayan at interes ng mga estudyante sa sariling wika. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng Filipino sa pagpapanatili ng kultura, identidad, at epektibong pagkatuto, na nagsisilbing batayan sa pagsusuri ng kasalukuyang kurikulum at pangangailangan para sa mas inklusibong pag-aaral.

Ang pagsisiyasat na ito ay maaaring iugnay sa case study na "Fighting For Filipino Integrity" (2018), na tumatalakay sa mga malawakang epekto ng pag-bawas ng asignaturang Filipino sa kolehiyo alinsunod sa CHED Memorandum Order Blg. 20, Serye ng 2013.

Binibigyang-diin dito na ang wikang Filipino ay isang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlang Pilipino, at ang pag-alis nito sa kurikulum ng kolehiyo ay labag sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas. Binanggit din nito na ang mas mataas na antas ng edukasyon ay mahalaga para sa pag-unlad ng intelektwal na paggamit ng wikang Filipino. Ang mga punto na ito ay direktang nauugnay sa layunin ng kasalukuyang pag-aaral sa WMSU, dahil ang pagpapahalagang pangwika ng mga estudyante ay maaaring maimpluwensyahan ng kanilang pag-unawa sa kahalagahan ng Filipino bilang wika ng bansa at bilang kasangkapan para sa intelektwal na pag-unlad.

Bukod pa rito, ito ay nakatuon din sa mga epekto ng pagbabago sa kurikulum sa mga propesyon, lalo na sa mga guro ng Filipino na maaaring mawalan ng trabaho. Ang pagkakaroon ng mga propesyonal na guro ng Filipino at ang pagkilala sa kahalagahan ng kanilang trabaho ay maaaring magbigay ng konteksto sa paraan ng pagtingin ng mga estudyante sa asignaturang Filipino.

Iminumungkahi rin na ang kawalan ng kamalayan sa kahalagahan ng wikang Filipino ay maaaring magdulot ng mga disbentahe, lalo na sa pagpapanatili ng pagkakakilanlang Pilipino. Ito ay nagbibigay ng pundasyon para sa kasalukuyang pag-aaral sa WMSU, dahil maaaring suriin kung ang pagbabawas ng mga asignaturang Filipino ay nagdulot ng pagbaba sa pagpapahalaga ng mga estudyante sa wikang Filipino, at kung paano ito maaaring makaapekto sa kanilang pagkamakabayan at pag-unawa sa sariling kultura. Habang ang case study ay nagbibigay ng malawakang pagsusuri sa mga isyu na kaugnay ng pag-alis ng asignaturang Filipino, ang kasalukuyang pag-aaral ay magbibigay ng lokal na pananaw sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga tugon ng mga estudyante ng WMSU.

3.3 Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Propesyon

Ayon sa isang pag-aaral tungkol sa kasanayan ng mga estudyante sa akademikong komunikasyon, ang pagiging mahusay sa paggamit ng wikang Filipino ay may epekto sa kanilang kakayahang magpahayag ng ideya at makipag talastasan sa loob ng silid-aralan at labas nito (Ranque et al., 2024).

Sa pag-aaral nina Garcia, Llagono, at Plesing (2025) ipinakita na ang Filipino ay hindi lamang midyum ng komunikasyon kundi isang instrumento sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagbuo ng mga ideya sa akademikong konteksto

Ipinakita rin sa pag-aaral nina Villaruz at Palma (2024), ang mahusay na oral proficiency at tamang writing instruction sa Filipino ay may positibong epekto sa akademikong kasanayan sa pagsulat ng mga estudyante, na nagpapahiwatig ng kahalagahan ng paglinang ng kasanayan sa Filipino bilang bahagi ng akademikong diskurso at komunikasyon.

Binigyang-diin nina de Jesus, Javier, at Mendiola (2023) na mahalaga ang patuloy na paggamit ng wikang Filipino sa pananaliksik at akademikong diskurso upang maisulong ang intelektwalisasyon nito. Kapag ginagamit ang Filipino sa mga gawaing akademiko at propesyonal, napapalawak ang kakayahan ng wika na magsilbing midyum ng kaalaman at pag-unlad sa iba't ibang larangan. Dahil dito, mahalagang suriin kung paano tinitingnan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng Filipino sa kanilang paghahanda para sa hinaharap na propesyon.

Sa pananaliksik nina Wong at Villanueva (2025) na may pamagat na "Modelong Estratehiya sa Paglinang ng Kasanayang Pampagtatrabaho," Ay may malalim at direktang implikasyon sa pagbuo ng propesyonal na identidad at kakayahan ng mga mag-aaral. Binigyang-diin sa pag-aaral na ito na ang wika ay hindi lamang isang kasangkapan sa pakikipagkapwa o midyum ng komunikasyon kundi isang career tool na nagbibigay bentahe sa manggagawa, partikular sa mga gawaing administratibo at teknikal gaya ng paggawa ng ukat at pakikipag-ugnayan sa Ibat ibang kliyente at itinuturing din ito bilang isang mahalagang employability skill. Binigyang diin rin sa kanilang pag-aaral ang binuo nilang bagong estratehiya na tinawag nilang "KORPMUNIKASYON", kung saan ang mga teknikal na gawain sa opisina gaya ng pagsulat ng mga email, memorandum, ulat at pakikipag-ugnayan sa publiko ay nangangailangan ng mataas na antas ng kasanayan sa wikang Filipino. At ayon rin sa kanila na ang integrasyon ng mga kasanayang ito sa kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon ay nagpapakita ng positibong hakbang upang ang mga mag-aaral ay maging epektibo at kompetitibo sa loob ng mga lokal at global na industriya sa hinaharap.

At bilang suporta sa ideyang ito, sa pag-aaral naman nina Tan at Macaldao (2026) na may pamagat na "Wikang Filipino: Susi sa Pag-unlad Kapag Itinuro at Pinagyaman," ay nagpapatunay na ang sistematikong pagtuturo ng Filipino sa lahat ng kurso sa kolehiyo ay pundasyon ng intelektwalisasyon. Ayon sa mga mananaliksik ang wika ay nagsisilbing tulay upang mas madaling maunawaan ang mga mag-aaral ang mga komplikadong konsepto sa kanilang kinuhang larangan, na sa kalaunan ay magagamit rin nila sa kanilang pagtatrabaho. Binigyang-babala rin sa pag-aaral na ang unti-unting pagpapatupad sa CHED Memorandum Order (CMO) Blg. 20, Serye ng 2013, na pag-aalis o pagbabawas ng yunit sa Filipino ay isang banta sa mga susunod na propesyonal na magpahayag ng sarili nang may sapat na lalim at kritikal na pag-iisip sa gitna ng hamon ng globalisasyon.

At sa kabuuan, ang dalawang pag-aaral na ito ay nagkakaisa sa pananaw na ang pagpapanatili ng asignaturang Filipino, ay hindi lamang usapin ng kultura, kundi isang estratehikong hakbang para sa Career Readiness. Habang pinapautunayan naman nina Wong at Villanueva ang praktikal na gamit nito sa mga corporate tasks sa corporate world, ipinakita naman nina Tan at Macaldao ang kahalagahan nito sa pangkalahatang pag-unlad ng talino at identidad ng isang mag-aaral na naghahanda para sa mundo ng pagtatrabaho. Gayunpaman, sa kabila ng mga napatunayang benepisyo nito, nananatili ang hamon ng reduksyon ng yunit sa kurikulum, na siyang susuriin ng pananaliksik na ito sa konteksto ng mga mag-aaral sa WMSU.

IV. BATAYANG TEORETIKAL

Ang Teoryang ito ay nakabatay sa Teorya ni Bonny Norton (1990) na Poststructuralist/Positioning Theory. Nakatuon ang teoryang ito sa ideya na ang identidad ng isang tao ay hindi nakapirmi, kundi ito ay dinamiko, patuloy na nabubuo at nagbabago batay sa karanasan at interaksyon sa lipunan. Ayon rin dito na ang mga indibidwal ay nailulugar o napoposisyon sa Iba't ibang sitwasyon, halimbawa na lamang bilang isang estudyante, tagapagsalita o miyembro ng isang komunidad. Ang mga posisyong ito ay may impluwensya sa kanilang kakayahang matuto at gumamit ng wika. Binigyang diin rin ni Norton na may kaugnayan ang kapangyarihan at oportunidad sa pagkatuto, dahil hindi lahat ng tagapagsalita ay may pantay na access sa mga sitwasyong nagpapalago ng kanilang kakayahan. Kaya, ang pagkatuto ng wika ay hindi lamang proseso ng pagkuha ng kaalaman, kundi isang panlipunang karanasan, kung saan hinuhubog ng identidad, partisipasyon, relasyon, konteksto, at pag unlad ng isang indibidwal.

Ang pag-aaral ni Ali (2020), ay natuklasan ang komplikadong ugnayan ng pagkakakilanlan at investment sa mga nagsasalita ng wikang Kastila bilang pamana ng kanilang lahi, na nagpapakita na maraming mga mag-aaral ang nahihirapan sa kakulangan sa pagkakakilanlan na hindi sila nakakaramdam na sapat alinman sa kanilang kulturang pamana o sa kulturang Amerikano. Binibigyang diin ng pananaliksik na ito na para sa mga mag aaral, ang pag-aaral ng wikang kastila ay higit pa sa gawaing pangwika kundi ito ay investment sa kanilang pagkakakilanlan at isang paraan upang muling mahanap ang sarili sa isang komunidad, ngunit ang prosesong ito ay madalas na hinahadlangan ng panunuksong panlipunan at ang pressure na sumunod sa mga istriktong pamantayang nakabatay sa iisang wika. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nais na pangatwiranan. Sa madaling salita, ipinaglalaban ng teksto na hindi lamang dapat nakadepende sa mga lumang sukatan ang mga programa para sa sariling wika. Sa halip, dapat itong lumikha ng mga puwang na kumikilala sa iba't ibang aspeto ng pagkatao at sumusuporta sa panlipunan at emosyonal na kalagayan ng mga estudyante habang binubuo nila ang kanilang pagkakakilanlan.

Sa konteksto ng unti-unting pag-bawas ng asignaturang Filipino sa tersyarya, malaking epekto ang dulot nito sa kanilang posisyon hindi lamang sa kanilang paaralan maging sa lipunan. Halimbawa, maaring mas pahalagahan ng ilan ang wikang Ingles, bilang ito ay itinuturing na Lingua Franca at mas gamit na gamit ito sa larangan ng propesyon, gayundin sa lipunan at dahil dito, nagbabago rin ang kanilang interes o pagpapahalaga sa pagkatuto ng Filipino. Gayundin sa konteksto ng Identidad ng isang tao, Ito rin at may epekto sa paghubog ng pagkakakilanlan, pagpapahalaga sa wika, at paghahanda ng mga mag-aaral para sa kanilang magiging trabaho. Dahil dito, ang pagkakakilanlan ay nagiging isang dinamikong proseso ng patuloy na negosasyon sa pagitan ng sarili at ng lipunan. Sa kabuuan, binibigyang-diin ng teoryang ito na ang identidad ay hindi lamang personal na konstruk, kundi produkto rin ng mas malawak na kontekstong panlipunan at kultural na kinasasangkutan ng isang indibidwal.

Ginamit ang Poststructuralist/Positioning Theory ni Norton upang ipakita na ang pag-aaral ng Filipino sa WMSU ay isang mahalagang investment sa pagbuo ng identidad at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang teoryang ito ang nagpapaliwanag kung paano napoposisyon o nagbabago ang pagpapahalaga ng mga estudyante sa sariling wika habang inihahanda nila ang kanilang sarili para sa kanilang hinaharap na propesyon.

Nakabatay ang teoryang ito sa Sociocultural Theory ni Lev Vygotsky taong 1924-1934. Ayon sa teoryang ito, ang pagkatuto at pag-unlad ng pag-iisip ng isang indibidwal ay hindi lamang nangyayari sa loob ng kanyang isipan, kundi ito ay malaki ang pagdepende sa kulturang kanyang ginagalawan, wikang ginagamit, at pakikipag-ugnayan sa ibang tao.

Naniniwala si Vygotsky na ang wika ang pinakamahalagang kasangkapan o instrumento na ginagamit ng lipunan upang maipasa ang kaalaman, tradisyon, at mga pagpapahalaga. Ito ang paraan upang maunawaan ng tao ang kanyang kapaligiran at ang kanyang sariling pagkakakilanlan. Ipinapaliwanag ng teorya na ang paraan ng ating pag-iisip, paglutas ng problema, at pagtingin sa mundo ay naiimpluwensyahan ng wikang ating ginagamit at pinag-aaralan.

Ginamit ang Sociocultural Theory ni Lev Vygotsky upang ipakita na ang wikang Filipino ay hindi lamang isang asignatura, kundi ang pinakamahalagang instrumento ng lipunan sa pagpasa ng kaalaman, tradisyon, at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa WMSU. Ang teoryang ito ang nagpapaliwanag kung paano ang pagkatuto at kritikal na pag-iisip ng mga estudyante ay direktang hinuhubog ng kanilang pakikipag-ugnayan sa kulturang Filipino at wikang ginagamit sa kanilang kapaligiran. Nagsisilbi itong batayan upang suriin kung paano ang reduksyon ng mga asignatura sa Filipino ay nagdudulot ng panganib sa pag-unlad ng kaisipan at pagpapahalagang pangwika ng mga mag-aaral, dahil ayon sa teorya, ang paraan ng paglutas ng problema at pag-unawa sa mundo ay nakadepende sa katatagan ng wikang kinagisnan at pinag-aaralan.

Sinusuportahan ng Sociocultural Theory ni Vygotsky ang Positioning Theory ni Norton sa pamamagitan ng nagpapaliwanag na ang pagkatuto at pag-unawa sa wika ay nangyayari lamang kung ang indibidwal ay binibigyan ng espasyo at pagkakataong makilahok sa mga aktibidad ng lipunan. Ayon kay Vygotsky, ang mataas na antas ng pag-iisip ay nabubuo muna sa pakikipag-ugnayan sa iba bago maging bahagi ng sariling kaalaman, kaya naman mahalaga ang papel o "position" ng isang tao kung siya ay itinuturing na kabilang at may halaga, mas malaya niyang magagamit ang mga kagamitan at suporta ng kultura upang mapaunlad ang kanyang kakayahan. Ipinapakita nito na ang pag-access sa pagkatuto ay hindi lang nakadepende sa talino, kundi sa kung paano tayo inilalagay o tinatanggap ng lipunan bilang mga kalahok na may boses at karapatan.

Nakaugat ang pag-aaral na ito sa iba't ibang teorya na nagpapaliwanag kung paano naaapektuhan ang kalidad at kabuluhan ng kurikulum kaugnay ng pagtanggap ng ilang asignatura. Nakabatay ito sa Curriculum Theory na nilinaw nina Franklin Bobbitt at Ralph Tyler, kung saan binibigyang-diin na ang kurikulum ay hindi lamang listahan ng mga asignatura kundi isang organisadong plano na tumutulong sa paghubog sa karanasan ng mga mag-aaral. Ayon kay Bobbitt sa kanyang Social Efficiency Curriculum (1918), ang kurikulum ay dapat nakapokus sa paghahanda ng mga mag-aaral para sa mga tungkulin sa lipunan at praktikal na buhay habang, binigyang-diin naman ni Tyler sa kanyang Tyler Rationale (1949) ang kahalagahan ng malinaw at tiyak na layunin, angkop na karanasan sa pagkatuto, organisadong nilalaman, at sistematikong ebalwasyon upang matiyak

ang bisa ng kurikulum. Ipinakita nila na ang bawat bahagi ng kurikulum ay magkakaugnay at napakahalaga sa paghubog ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Kaya, ang anumang pagbabago, tulad ng reduksyon ng yunit sa asignaturang Filipino, ay hindi lamang administratibong desisyon kundi isang pagbabago na maaaring makaapekto sa kalidad ng edukasyon, sa lawak ng kaalaman, pagpapahalaga sa wika at kultura, at persepsyon ng mga mag-aaral sa kabuluhan ng asignatura.

Sa pag-aaral na ginawa nina Cunningham et.al (2020) na pinamagatang *An Investigation into Chinese Influence on the Current Curriculum of Bachelor of Business English Degrees at Vietnamese Universities* ginamit nila ang teorya nina Franklin Bobbitt at Ralph Tyler bilang pangunahing batayan upang suriin ang Bachelor of Business English curriculum sa mga unibersidad sa Vietnam. Sa perspektibo ni Bobbitt, pinagtuunan nila ng pansin kung paano ang kurikulum ay nakaplanong ihanda ang mga estudyante para sa praktikal na gawain at mga tungkulin sa lipunan, habang sa pananaw ni Tyler, sinuri nila kung malinaw ang mga layunin, angkop ang mga karanasan sa pagkatuto, organisado ang nilalaman, at may sistematikong ebalwasyon upang matiyak ang bisa ng kurikulum. Batay sa teoryang ito, natuklasan ng mga mananaliksik na ang Bachelor of Business English curriculum ay malinaw ang layunin, nakatuon sa pagpapaunlad ng kahusayan sa wikang Ingles, at organisado upang tugunan ang mga pangangailangan ng industriya at lipunan. Gayunpaman, napansin din nila na may ilang isyu sa balanse ng nilalaman at sa kaugnayan ng mga asignatura sa aktwal na pangangailangan ng trabaho, na nagbigay ng insight sa kahalagahan ng patuloy na pagsusuri at pag-aayos ng kurikulum upang matiyak ang epektibong pagkatuto at maayos na karanasan ng mga estudyante.

Batay sa teorya nina Franklin Bobbitt at Ralph Tyler, ang mga mananaliksik ng pag-aaral na ito ay may layuning suriin kung paano naaapektuhan ng reduksyon ng mga yunit sa asignaturang Filipino ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kalidad, kabuluhan, at kabuuang layunin ng kanilang kasalukuyang kurikulum. Ipinapakita sa teorya nina Bobbitt at Tyler na ang anumang pagbabago sa estruktura at dami ng yunit ng kurikulum ay maaaring magkaroon ng direktang epekto sa layunin ng asignatura, sa lawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral, at sa kanilang pagpapahalaga sa sariling wika at kultura. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, nagbibigay ang teoryang ito ng gabay upang masuri kung paano ang pagbabago sa kurikulum ay nakakaimpluwensya sa persepsyon ng mga mag-aaral, particular na sa pagtukoy nila sa kabuluhan ng Filipino bilang asignatura sa kanilang edukasyon. Bukod dito, ipinapakita nito na ang sistematikong pagsusuri ng kurikulum, kabilang ang pag-aaral ng nilalaman, layunin, at karanasan sa pagkatuto ay mahalaga upang maunawaan ang epekto ng administratibong desisyon tulad ng reduksyon ng yunit sa asignatura sa akademikong karanasan at pagpapahalaga ng mag-aaral sa wika at kultura.

V. METODOLOHIYA

1.1 Disensyo ng Pagaaral

Sa bahaging ito ay tinalakay ang disenyo at pamamaraan ng pananaliksik upang naipakita at naipresenta nang maayos ang mga datos na kinakailangan sa pag-aaral na ito. Layunin ng pananaliksik na nakapagbigay ng tiyak at wastong datos mula sa mga respondente, gayundin ang paggamit ng angkop na pamamaraan upang naisakatuparan ang pag-aaral. Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay gumamit ng kwantitatib na pananaliksik upang sinukat at sinuri ang persepsyon ng mga mag-aaral tungkol sa epekto ng reduksyon ng mga asignaturang Filipino sa kanilang pagpapahalagang pangwika. Sa pamamagitan ng paraang ito, nakakalap sila ng numerikal na datos na nagbigay ng malinaw at obhetibong batayan sa pagsusuri ng resulta ng pananaliksik. Gumamit din ang mga mananaliksik ng deskriptibong pananaliksik na disenyo upang nailarawan ang kasalukuyang pananaw, karanasan, at pagtatasa ng mga mag-aaral kaugnay ng kahalagahan ng wikang Filipino sa kanilang identidad, edukasyon, at paghahanda sa hinaharap na propesyon. Layunin ng disenyong ito na tinukoy ang antas ng persepsyon ng mga respondente, ang kanilang pananaw sa kalidad at kabuluhan ng kurikulum, at ang kahalagahan ng pagpapanatili ng asignaturang Filipino. Sa kabuuan, ang paggamit ng quantitative at descriptive na disenyo ay nakatulong upang nakalikom ng sistematiko at mapagkakatiwalaang datos na nagsilbingbatayan sa pag-unawa sa epekto ng reduksyon ng asignaturang Filipino sa mga mag-aaral.

1.2 Pagpili ng Kalahok

Ang ginamit na paraan ng pagpili ng kalahok sa pananaliksik na ito ay Purposive Sampling, kung saan ang mga respondente ay pinili nang may tiyak na layunin batay sa kanilang pagiging bahagi ng napiling populasyon. Ang pamamaraang ito ay nagbigay-daan upang mapili ang mga kalahok na may sapat na kaalaman at karanasan kaugnay ng paksa ng pag-aaral, at nakatiyak na ang mga datos na nakalap ay naging angkop at makabuluhan sa layunin ng pananaliksik. Ang mga mananaliksik ay pumili ng animnapu (60) na respondente mula sa anim na kurso, ang laki ng sample na ito ay binuo ng tig-sampung (10) mag-aaral mula sa College of Teacher Education, College of Liberal Arts, College of Engineering, College of Home Economics, College of Criminal Justice Education, at College of Computing Studies.

Ito ay upang mas naging sapat ang datos na nakalap at nagkaroon ng mas maayos na representasyon ng bawat pangkat sa pag-aaral. Ang mga kursong ito ay nagkaroon ng kasalukuyang asignaturang Filipino at ang mga

estudyante ay nakaranas ng reduksyon ng yunit ng Filipino, upang nasiguro na ang kanilang mga pananaw ay nakapagbigay ng makabuluhang datos hinggil sa epekto ng pagbabagong ito sa kanilang pagpapahalaga sa wikang Filipino.

Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, ang datos ay nagbigay ng isang cross-sectional na pananaw mula sa mag-aaral na teknikal at humanistiko ang oryentasyon na siyang direktang naapektuhan sa pagbabago sa kurikulum ng asignaturang Filipino. Gayunpaman ang datos ay hindi kumatawan sa iisang kurso lamang.

1.3 Instrumento ng Pag-aaral

Ang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos ay isang sarbey-talatanungan (survey questionnaire) na binuo ng mga mananaliksik. Ang instrumento ay nahahati sa tatlong (3) bahagi:

Bahagi I: Personal na Impormasyon

Kinuha rito ang demograpikong profile ng mga kalahok gaya ng kasarian, edad, kurso, taon sa kolehiyo, at kung nakapag-aral na sila ng Filipino noong Senior High School

Bahagi II: Persepsyon ng mga Mag-aaral.

Binuo ito ng mga pahayag na sumusukat sa antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng Filipino sa kanilang identidad at ang epekto ng reduksyon ng yunit sa kalidad ng kanilang kurikulum.

Bahagi III: Kaugnayan sa Hinaharap na Propesyon.

Naglalaman ito ng mga pahayag na nagtatasa kung paano makatutulong ang wikang Filipino sa kanilang pakikipagkomunikasyon at serbisyo sa kanilang magiging trabaho.

Ginamit ang mga bahaging ito ng 5-point Likert Scale upang masukat ang antas ng pagsang-ayon ng mga kalahok.

Instrumento ng Pananaliksik (Pagpapatunay at Reliabilidad)

Upang matiyak ang **Validity** (Pagpapatunay), ang bawat katanungan ay sumailalim sa pagsusuri ng mga eksperto sa larangan ng wika at pananaliksik upang matiyak na ang nilalaman nito ay angkop at tugma sa layunin ng pag-aaral ito.

At para naman sa **Reliability** (Reliabilidad) ng instrumentong ginamit sa pananaliksik, naisagawa ang isang *pilot test* sa labing tatlong (13) mag-aaral na hindi kabilang sa pinal na *sample*. Ginamit ang pagsusuring ito upang matiyak na ang nilalaman nito ay tugma sa layunin ng pag-aaral na ito. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng **Statistical Package for Social Sciences (SPSS)** upang makuha ang **Cronbach's Alpha** ng apatnapu (40) aytem sa talatanungan. Bilang resulta, ito ay nakakuha ng .939, na ayon sa pamantayan ay nagpapakita ito ng **"Excellent"** na antas ng consistency, na ibig sabihin ay ang mga pahayag sa sarbey ay magkakaugnay at madaling intindihin ng mga estudyante sa tersyarya ng WMSU.

Reliability Statistics	
Cronbach's Alpha	N of items
.939	40

Pangangalap ng Datos

Ang pananaliksik na ito ay mayroong animnapung (60) kabuuang bilang ng mga kalahok mula sa iba't ibang departamento o kurso ng Western Mindanao State University na paaralan sa lungsod ng Zamboanga Peninsula. Nagsimula ang pag-aaral sa pagbigay ng mga instrumentong naglalaman ng mga katanungan na nagsisilbing pagtataya sa resulta. Matapos itong maisagawa ang mga mananaliksik ay nagtaya ng mga resulta upang malaman kung may Epekto ang Reduksyon ng Asignaturang Filipino sa Pagpapahalagang Pangwika ng mga Estudyante sa Tersyarya.

Konsiderasyong Etikal

Ang pananaliksik na ito ay ginawa nang may mahigpit na pagsunod sa mga etikal na pamantayan ito ay nagsilbing gabay sa mga mananaliksik upang matiyak ang proteksyon at karapatan ng mga kalahok.

Una, ang bawat kalahok ay binigyan ng *informed consent* ng mga mananaliksik at malinaw na paliwanag sa layunin ng pag-aaral. Nakapaloob dito ang detalye at konsiderasyon tungkol sa pag-aaral. Binigyang-diin nito ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo, kabilang na dito ang pagtago sa kanilang aktwal na pagkakakilanlan. Ang lahat ng nakalap na impormasyon ay itinuring na confidential at hindi ibinunyag sa sinumang hindi bahagi sa pananaliksik. Ang bawat kalahok ay nagkaroon ng karapatang bawiin o itigil ang kanilang paglahok o partisipasyon anumang oras sa nasabing pag-aaral nang hindi kinakailangang magpaliwanag at walang anumang "sama ang loob" o negatibong epekto sa panig ng mga mananaliksik. Para sa mga kalahok na nasa murang edad (minors), ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot mula sa mga magulang o tagapangalaga bago sila

isinama sa pag-aaral. tiniyak ng mga mananaliksik na walang anumang panlabas na pondo ang tinanggap para dito. Gayundin, ang mga mananaliksik ay nagpahayag na walang anumang personal, pinansyal, o propesyonal na interes na maaaring nagkaroon ng impluwensya sa pagsasagawa at kinalabasan ng pag-aaral na ito

Pangalawa, tiniyak ng mga mananaliksik na ang mga tanong sa survey questionnaire ay hindi nakasakit ng reputasyon, katayuan ng mga mag-aaral sa paaralan at damdamin. tiniyak rin ng mga mananaliksik na ang pag-aaral ay idinisenyo upang walang naging negatibong epekto sa kanilang sosyal at emosyonal na aspeto. Ang mga mananaliksik ay nangakong inilahad ang resulta ng pag-aaral nang may katapatan. Sinigurado ng mga mananaliksik na walang ginawang manipulasyon sa mga datos at ang pinal na ulat ay ibinase lamang sa aktwal na sagot ng mga kalahok upang napanatili ang integridad ng pananaliksik.

Panghuli, bago sinimulan ang pangangalap ng datos ang mga mananaliksik ay humingi ng pormal na pahintulot mula sa kinaukulang opisyal ng unibersidad upang matiyak na ang pag-aaral ay kinilala at naayon sa mga polisiya ng institusyon. Alinsunod sa *Data Privacy Act*. ang mga impormasyong nakalap ay ginamit lamang para sa layuning pang-akademiko. Ang mga datos ay itago sa ligtas na lugar at ang bawat kalahok ay nagkaroon ng karapatang humiling na makita ang resulta ng pananaliksik kung ito ay kanilang ninais.

Pagsusuri ng Datos

Ang mga datos na nakalap sa ipinamahaging *survey-questionnaire* ay sumailalim sa maingat na pagsusuri at katumpakan ng interpretasyon ng mga datos na makakalap gamit ang mga sumusunod na kagamitang estatistika:

1. Frequency at Percentage Distribution

Ito ay gagamitin upang ilarawan ang profile ng mga kalahok sa pag-aaral. Gayundin, sa pagkuha ang distribusyon ng mga kalahok ayon sa kanilang kinabibilangang departamento (CHE, CLA, CTE, CCJE, COE, at CCS). Mahalaga ito upang mabilang ang distribusyon ng mga sagot sa bawat item at survey. Ang formula na gagamitin ay:

$$P = \frac{f}{n} \times 100$$

(Kung saan: P = Bahagdan, f = dalas ng sagot, n = kabuuang bilang ng respondente)

2. Weighted Mean

Ito ay gagamitin upang masagot ang tatlong suliranin ng pag-aaral (**Suliranin 1- Antas ng Pagpapahalagang Wika, Suliranin 2 - Epekto ng Reduksyon ng Asignaturang Filipino, suliranin 3 - Paghahanda para sa hinaharap na Propesyon**) Ang formula na gagamitin ay:

$$\bar{x} = \frac{\sum(fw)}{n}$$

(Kung saan: $\bar{x}$ = Weighted Mean, f = frequency, w = weight o iskor, n = kabuuang respondente)

Para sa Suliranin 1: "Ano ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng wikang Filipino bilang pundasyon ng kanilang identidad at kritikal na pag-iisip?"

Upang makuha ang pangkalahatang average ng mga tugon ng mga mag-aaral sa Bahagi II ng sarbey gagamitin dito ang kagamitang istatistika na *Weighted Mean*. Ang magiging resulta ay itatapat sa *5-point Likert Scale* upang matukoy kung ang kanilang persepsyon sa wika bilang identidad at pundasyon ng kritikal na pag-iisip ay "Napakataas" o "Mababa."

Para sa Suliranin 2: "Ano ang epekto ng reduksyon ng mga yunit ng Filipino sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kalidad at kabuluhan ng kanilang kasalukuyang kurikulum?"

Upang masuri ang kolektibong pananaw ng mga respondente kung paano nakaapekto ang pagbawas ng yunit sa kanilang pagtingin sa kurikulum. Gagamit rin dito ng *Weighted Mean* kung saan makikita rito kung nananatili bang "Makabuluhan" ang kurikulum para sa kanila sa kabila ng mga pagbabago.

Para sa Suliranin 3: "Paano tinatasa ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagpapanatili ng asignaturang Filipino kaugnay ng kanilang paghahanda para sa hinaharap na propesyon?"

At sa panghuli, gagamitin ang kagamitang istatistika na ito upang momakuha ang antas ng kanilang pagtatasa sa *career relevance* ng wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, makikita kung gaano kalaki ang paniniwala ng mga mag-aaral (mula sa iba't ibang kolehiyo gaya ng CLA, CTE at atbp.) na kailangan nila ang Filipino sa kanilang magiging trabaho.

1. Likert Scale at Verbal Interpretation

Ito ay gagamitin upang mabigyan ng malinaw na kahulugan ang makukuhang weighted mean, gagamit ang mga mananaliksik ng sumusunod na iskala:

Puntos	Iskala (Range)	Interpretasyon
5	4.21 - 5.00	Lubos na sumasang-ayon/Napakataas
4	3.41 - 4.20	Sumasang-ayon/Mataas
3	2.61 - 3.40	Hindi Tiyak
2	1.81 - 2.60	Hindi Sumasang-ayon/Mababa
1	1.00 - 1.80	Lubos na Hindi Sumasang-ayon/Napakababa

Ang naging batayan ng pamantayan na ito ay hango sa pag-aaral ni Vagias, Wade M. (2006). Na siyang nagbibigay ng pormal na batayan sa pagsusuri ng mga damdamin at pananaw sa mga deskriptibong pananaliksik.

2. Ang Antas ng Pagpapahalaga

Upang mabigyang-interpretasyon ang mga makakalap na datos mula sa Likert Scale sa itaas, gagamitin ang sumusunod na pamantayan:

Range of Mean	Verbal Interpretation
4.20-5.00	Napakataas na Pagpapahalaga
3.40-4.19	Mataas na Pagpapahalaga
2.60-3.39	Katamtamang Pagpapahalaga
1.80-2.59	Mababang Pagpapahalaga
1.00-1.79	Napakababang Pagpapahalaga

Ang mga datos ay susuriin gamit ang weighted mean at bibigyang-interpretasyon batay sa pamantayang iminungkahi nina Best at Kahn (2006) upang matukoy ang antas ng pagpapahalagang pangwika ng mga mag-aaral

VI. Resulta at Diskusyon

Sa puntong ito ay naglalaman ng mga datos na nakalap mula sa isinagawang sarbey mula sa animnapu (60) respondente ng WMSU. Ang mga datos ay maingat na sinuri at binigyan ng kaukulang interpretasyon upang masagot ang mga suliranin ng pag-aaral.

Ayon sa pag-aaral nina De Mesa et al. (2020) sa kanilang pananaliksik na *"Filipino: Senior High Students' Perceptions on the Removal of Filipino Subject in College"*, bagama't may mga polisiya sa pagbabago ng kurikulum gaya ng CMO No. 20, nananatiling mataas ang pagkilala ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng wikang Filipino. Ang kanilang natuklasan ay tumutugma sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan ang mga respondent ay nagpapahayag ng pagpapahalaga sa wika bilang pundasyon ng kanilang komunikasyon at pagkamakabayan, anuman ang bilang ng yunit na itinakda ng unibersidad.

Bukod pa rito, sinusuportahan din ng pag-aaral nina Tan at Macalao (2026). Sa kanilang artikulong *"Wikang Filipino: Susi sa Pag-unlad Kapag Itinuro at Pinagyaman"*, binigyang-diin nila na ang wikang Filipino ay hindi lamang isang asignatura kundi isang mahalagang kasangkapan para sa intelektwalisasyon at *"career readiness"* ng mga mag-aaral. Ang pagkakatulad ng resultang ito sa kasalukuyang pananaliksik ay nagpapatunay na sa persepsyon ng mga estudyante sa tersyarya, partikular sa WMSU, ang pagpapahalaga sa wika ay nakaugnay sa kanilang paghahanda para sa propesyonal na mundo, na siyang nagiging dahilan kung bakit nananatiling matatag ang kanilang pagkilala rito sa kabila ng reduksyon ng mga asignaturang Filipino.

Propayl ng mga Kalahok

Talahanayan 1: Distribusyon ng mga Kalahok Ayon sa Departamento

Departamento	Frequency (f)	Percent (%)
College of Teacher Education (CTE)	10	16.7%
College of Liberal Arts (CLA)	10	16.7%
College of Engineering (COE)	10	16.7%
College of Home Economics (CHE)	10	16.7%

College of Criminal Justice Education (CCJE)	10	16.7%
College of Computing Studies (CCS)	10	16.7%
Kabuuan:	60	100.0%

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga respondente mula sa anim na magkakaibang departamento sa Western Mindanao State University. Ang bawat departamento, CTE, CLA, COE, CHE, CCJE, at CCS ay kinakatawan ng tig-10 respondente, na bumubuo sa 16.7% ng kabuuang populasyon para sa bawat pangkat. Sa kabuuan, mayroong animnapu (60) respondente (100%) na lumahok sa pag-aaral, na nagpapakita ng isang balanseng representasyon ng mga mag-aaral sa antas tersyarya.

Talahanayan 2: Persepsyon sa Identidad at Wika (SOP 1)

Sa pagsusuri ng persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang identidad at wika (Q1-Q10), ang aytem Q6 ay nagtala ng napakataas na weighted mean na 4.80 (Napakataas/*Very High*), na sinusundan ng Q8 na may 4.77 (Napakataas/*Very High*). Ipinapakita nito na sa antas ng kanilang pagkakakilanlan, lubos na kinikilala ng mga estudyante ang Filipino bilang isang pundamental na bahagi ng kanilang identidad. Gayunpaman, ang aytem Q3_Recoded ay nakakuha ng pinakamababang mean na 3.13 (Katamtaman/*Moderate*). Ang pangkalahatang Grand Mean na 4.43 ay nagpapatunay na ang mga respondente ay may Napakataas (*Very High*) na antas ng pagpapahalaga sa wika bilang salik ng kanilang pagkakakilanlan.

Ang resultang ito ay direktang sumasagot sa unang katanungan ng SOP dahil ang nakuha nating *weighted mean* na 4.43 ay ebidensya na ang antas ng pagkilala ng mga mag-aaral ay nasa pinakamataas na kategorya. Ibig sabihin, kahit may pagbabago sa kurikulum, nananatiling matibay ang pananaw ng mga estudyante na ang wika ang pundasyon ng kanilang pagkatao at kritikal na pag-iisip. Ang mataas na marka sa pagkilala sa pambansang identidad ay nagpapatunay na ang wikang Filipino ay hindi lamang tingnan bilang isang asignatura kundi bilang isang esensyal na bahagi ng kanilang sarili.

	Mga Tanong	N	Mean	Std. Deviation	Interpretasyon
Q1	Mahalaga pa ring pag-aralan ang asignaturang Filipino sa kolehiyo.	60	4.6167	.78312	Napakataas
Q2	Ang pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ay maaaring makapahalaga sa pagpapahalaga sa wika at kultura.	60	4.7167	.69115	Napakataas
Q3_ recoded	Sapat na ang pag-aaral ng asignaturang Filipino sa Elementarya at Junior Highschool at Senior Highschool.	60	3.1333	1.37121	Katamtaman
Q4	Nakatutulong ang asignaturang Filipino sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.	60	4.5000	.87333	Napakataas
Q5	Mas dapat bigyang-pansin sa kolehiyo ang asignaturang Filipino na may kaugnayan sa propesyon ng mga mag-aaral upang higit na mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan.	60	4.2333	.94540	Napakataas
Q6	Ang asignaturang Filipino ay mahalagang bahagi ng pambansang identidad ng mga Pilipino.	60	4.8000	.57637	Napakataas
Q7	Ang pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ay maaaring magpahina sa paggamit ng wikang Filipino sa akademya.	60	4.6000	.90573	Napakataas
Q8	Ang asignaturang Filipino ay mahalagang asignatura upang mapanatili ang ating kultura at tradisyon.	60	4.7667	.53256	Napakataas
Q9	Dapat manatili ang asignaturang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo.	60	4.4833	.92958	Napakataas
Q10	Ang pag-aaral ng asignaturang Filipino ay nakatutulong sa mas malinaw na pagpapahayag ng ideya at damdamin ng mga mag-aaral.	60	4.4333	.83090	Napakataas

Talahanayan 3: Epekto sa Kurikulum (SOP 2)

Ang pananaw ng mga respondente hinggil sa epekto sa kurikulum mula Q11-Q30 ay nagpakita ng mataas na antas ng pagpapahalaga na may Grand Mean na 4.38 (Lubos na Sumasang-ayon). Ang aytem Q11 ang nagtala ng (Napakataas/Very High) na mean na 4.72, na nagpakita ng matinding pagnanais ng mga estudyante na mapanatili ang Filipino sa kolehiyo. Sa kabilang banda, ang aytem Q14 ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.95 (Sumasang-ayon). Ang resultang ito ay nagpapatunay na pabor ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng sapat na yunit para sa Filipino sa kurikulum ng unibersidad.

Ang datos na ito ay sumasagot sa ikalawang katanungan ng SOP dahil inilalarawan nito ang positibong **salooobin** ng mga mag-aaral sa gitna ng pagbabago sa kurikulum. Ang antas na (Lubos na Sumasang-ayon) ay nagpakita na para sa mga respondente, ang kurikulum ay mas nagiging makabuluhan at de-kalidad kung kasama ang Filipino. Sinasagot nito ang suliranin sa pamamagitan ng pagpapakita na sa pananaw ng mga estudyante, ang pagbabawas ng yunit ay hindi nakabawas sa kanilang pagnanais na manatili ang wika bilang bahagi ng kanilang akademikong pagsasanay.

Q11	Mahalaga ang asignaturang Filipino upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang kultura at identidad bilang Pilipino.	60	4.7167	.55515	Napakataas
Q12	Ang pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ay maaaring magbigay ng makabuluhang kalidad ng kurikulum.	60	4.2000	.85964	Mataas
Q13	Nakatutulong ang asignaturang Filipino sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa kolehiyo.	60	4.2500	.59490	Napakataas
Q14	Ang pag-aaral ng asignaturang Filipino ay mahalaga kahit sa mga kursong hindi nakatuon sa wika o panitikan.	60	3.9500	1.17061	Mataas
Q15	Ang asignaturang Filipino ay nakatutulong sa pagpapahusay ng komunikasyon ng mga mag-aaral sa kanilang napiling kurso.	60	4.2667	.91812	Napakataas
Q16	Ang pagtanggap ng Filipino sa kurikulum ng kolehiyo ay maaaring magpahina sa paggamit ng wikang Filipino sa akademikong diskurso.	60	4.4000	.888681	Napakataas
Q17	Ang asignaturang Filipino ay mahalagang bahagi ng pangkalahatang edukasyon (General Education) sa kolehiyo.	60	4.4333	.78905	Napakataas
Q18	Mas nagiging makabuluhan ang kurikulum kung kasama ang asignaturang Filipino.	60	4.3167	.79173	Napakataas
Q19	Ang asignaturang Filipino ay nakatutulong sa pag-unawa ng mga isyung panlipunan at pambansa.	60	4.4500	.79030	Napakataas
Q20	Ang pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ay maaaring magdulot ng kakulangan sa pagpapahalaga sa sariling wika.	60	4.4333	.83090	Napakataas wika.
Q21	Ang pag-aaral ng asignaturang Filipino ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikan at kulturang Pilipino.	60	4.6500	.57711	Napakataas
Q22	Ang asignaturang Filipino ay mahalagang asignatura upang maipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang ideya sa kontekstong Pilipino.	60	4.4833	.70089	Napakataas
Q23	Ang kurikulum sa kolehiyo ay mas magiging kumpleto at epektibo kung may asignaturang Filipino.	60	4.2000	.95314	Mataas
Q24	Ang pagtanggap ng asignaturang Filipino ay maaaring magpahina sa pambansang kamalayan ng mga mag-aaral.	60	4.2667	.98921	Napakataas
Q25	Nakatutulong ang asignaturang Filipino sa paglinang ng pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura ng bansa.	60	4.4333	.85105	Napakataas
Q26	Ang asignaturang Filipino ay dapat manatiling bahagi ng	60	4.3500	.91735	Napakataas

	kurikulum sa kolehiyo.				
Q27	Ang mga kasanayang natututuhan sa asignaturang Filipino ay maaaring magamit sa ibang asignatura sa kolehiyo.	60	4.1500	.97120	Mataas
Q28	Ang pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang mga tekstong nakasulat sa Filipino.	60	4.4833	.77002	Napakataas
Q29	Ang pag-aaral ng asignaturang Filipino ay nakatutulong sa paghubog ng makabayang pananaw ng mga mag-aaral.	60	4.3667	.84305	Napakataas
Q30	Ang asignaturang Filipino ay may mahalagang papel sa paglinang ng kritikal at makabayang pag-iisip ng mga mag-aaral sa kolehiyo.	60	4.5000	.72486	Napakataas

Talahanayan 4: Kahalagahan sa Propesyon (SOP 3)

Ipinapakita sa datos na ang aspeto ng propesyon (Q31-Q40) ang nagtala ng pinakamataas na antas ng pagkilala na may Grand Mean na 4.53 (Napakataas/Very High). Ang mga aytem Q35 at Q36 ay kapwa nakakuha ng weighted mean na 4.60 (Napakataas/Very High). Ang halos lahat ng aytem sa bahaging ito ay nasa antas na (Napakataas) na nagpapatunay na para sa mga mag-aaral, ang kasanayan sa wikang Filipino ay isang mahalagang kasangkapan at bentahe sa kanilang tatahaking larangan. Ang resultang ito ay nagpapakita na ang antas ng kahalagahan ng Filipino ay hindi lamang akademiko kundi praktikal at propesyonal sa pananaw ng mga respondente.

Ang bahaging ito ay sumasagot sa ikatlong katanungan ng SOP dahil ipinapakita nito ang kritikal na pagtatasa ng mga mag-aaral sa wika bilang isang propesyonal na kasanayan. Ang resultang ito ay patunay na para sa mga estudyante ng WMSU, ang pagpapanatili ng Filipino ay hindi lamang usaping pangkultura kundi praktikal na pangangailangan para sa kanilang "career readiness." Sinasagot nito ang SOP 3 sa pamamagitan ng pagpapakita na itinuturing ng mga mag-aaral ang Filipino bilang isang mahalagang bentahe (*advantage*) upang maging epektibo sa kanilang magiging trabaho at paglilingkod sa bayan.

Q31	Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay makatutulong sa pakikipagkomunikasyon sa mga tao sa aking magiging propesyon.	60	4.5333	.87269	Napakataas
Q32	Mahalaga ang wikang Filipino sa pakikipag-ugnayan sa mga kliyente, pasyente, mag-aaral, o mamamayan na aking paglilingkuran.	60	4.5500	.69927	Napakataas
Q33	Ang paggamit ng wikang Filipino ay makatutulong upang mas malinaw na maipaliwanag ang mga konsepto para sa magiging propesyon ng mag-aaral.	60	4.5500	.69927	Napakataas
Q34	Ang pag-aaral ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ay nakatutulong sa paghahanda ng mga mag-aaral sa pakikipag-ugnayan sa komunidad.	60	4.5333	.72408	Napakataas
Q35	Ang kakayahang gumamit ng wikang Filipino nang mahusay ay mahalaga sa paghahatid ng serbisyong pampubliko	60	4.6000	.71781	Napakataas
Q36	Ang wikang Filipino ay mahalagang wika sa pagpapaliwanag ng mga ideya at impormasyon sa mga taong hindi sanay sa paggamit ng Ingles.	60	4.6000	.64309	Napakataas
Q37	Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay makatutulong sa paglinang ng empatiya at pag-unawa sa mga taong aking paglilingkuran sa hinaharap.	60	4.4500	.83209	Napakataas
Q38	Ang paggamit ng wikang Filipino ay makatutulong sa mas epektibong komunikasyon sa lugar ng trabaho.	60	4.4833	.72467	Napakataas

Q39	Ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino ay mahalaga sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang sektor ng lipunan.	60	4.5333	.81233	Napakataas
Q40	Ang pag-aaral ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ay nakatutulong sa paghubog ng propesyon na may malasakit sa kapwa at sa bayan.	60	4.4667	.83294	Napakataas
Overall_Mean		60	4.4411	.58344	
Valid N (listwise)		60			

Lagom

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang suriin ang epekto ng reduksyon ng mga asignaturang Filipino, alinsunod sa CMO No. 20, s. 2013, sa pagpapahalagang pangwika ng animnapung (60) mag-aaral sa tersyarya ng Western Mindanao State University (WMSU). Gamit ang disenyong deskriptibo-kwantitatibo at talatanungang batay sa *Likert Scale*, natuklasan na ang mataas na antas ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral ay nagpapatibay sa Teoryang Sosyokultural ni Vygotsky at Teoryang Pagpoposisyon ni Norton, na nagpapatunay na ang wika ay pundasyon ng intelektwal na pag-unlad at paghubog ng identidad. Ang mga resulta ay umaayon din sa Teoryang Kurikulum nina Bobbitt at Tyler, na nagpapakita na ang anumang pagbabago sa estruktura ng kurikulum ay may direktang implikasyon sa pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa kabuluhan ng kanilang pinag-aaralan.

Sa kabila ng pagbabawas ng mga yunit sa kurikulum, lumabas sa datos na nananatiling napakataas ang antas ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Filipino bilang salik ng kanilang pambansang pagkakakilanlan na may kabuuang mean na 4.44. Kinikilala nila ang wika bilang mahalagang instrumento sa paglinang ng mapanuring pag-iisip, na tumutugma sa mga natuklasan nina De Mesa et al. (2020) ukol sa matibay na pagkilala ng mga estudyante sa halaga ng wikang pambansa. Bagaman mataas ang pagkilala sa halaga ng wika, nakakuha lamang ng katamtamang antas na 3.13 ang aytem tungkol sa sapat na kahandaang pangwika mula sa Senior High School, na nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng "*learning gap*" at sumusuporta sa babala nina Ringor et al. (2024) tungkol sa posibleng paghina ng kasanayan sa wika kung hindi ito itutuloy sa antas tersyarya.

Kapansin-pansin din na ang aspeto ng propesyon ang nakakuha ng pinakamataas na pagkilala mula sa mga respondente na may mean na 4.53, kung saan itinuturing nila ang wikang Filipino bilang isang mahalagang employability skill at bentahe sa pakikipag-ugnayan sa mga kliyente at paglilingkod sa kapwa Pilipino. Ang kinalabasang ito ay matibay na sumusuporta sa mga pananaliksik nina Tan at Macaldao (2026) gayundin nina Wong at Villanueva (2025) ukol sa intelektwalisasyon ng wika bilang estratehikong hakbang para sa career readiness. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagpapatunay na bagaman nagkaroon ng reduksyon sa mga opisyal na yunit, ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wikang Filipino bilang instrumento ng identidad at tagumpay sa propesyon ay nananatiling matatag at nasa napakataas na antas.

Konklusyon

Batay sa interpretasyon ng mga datos na nakalap sa pananaliksik na ito, ang mga mananaliksik ay humantong sa mga sumusunod na konklusyon:

Una, ang pagkakaroon ng Overall Mean na 4.44 (Napakataas) ay isang matibay na indikasyon na ang pagpapahalagang pangwika ng mga mag-aaral sa tersyarya ng WMSU ay nananatiling buhay at hindi natitinag sa kabila ng mga pagbabago sa kurikulum. Ang resultang ito ay sumusuporta sa kaisipan nina Darupan et al. (2022) at Dela Peña et al. (2025) na ang wikang Filipino ay nagsisilbing tulay sa pagpapalalim ng koneksyon ng mga mag-aaral sa kanilang sarili at sa pambansang identidad. Pinatutunayan nito na para sa mga estudyante, ang wika ay hindi lamang isang asignatura na kailangang ipasa, kundi isang mahalagang aspeto ng kanilang pagkatao na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa kulturang Pilipino.

Pangalawa, ang nakuhang pinakamataas na marka sa aspeto ng Propesyon (Mean: 4.53) ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay may pragmatikong pagtingin sa wikang Filipino. Kinikilala nila ang wika bilang isang estratehikong kasangkapan para sa kanilang *Career Readiness*. Ang konklusyong ito ay direktang umaayon sa pag-aaral nina Wong at Villanueva (2025) ukol sa estratehiyang "KORPMUNIKASYON," kung saan ang wika ay itinuturing na isang mahalagang employability skill. Naniniwala ang mga mag-aaral na ang kahusayan sa Filipino ay magbibigay sa kanila ng bentahe sa mundo ng pagtatrabaho, partikular sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang kliyente at sa pagbuo ng mga teknikal na ulat, na magpapataas ng kanilang pagiging kompetitibo sa lokal at global na industriya.

Pangatlo, ang natuklasang Katamtamang antas (3.13) sa kahandaang pangwika mula sa Basic Education (SHS) ay naglalantad sa isang mahalagang pangangailangan para sa patuloy na pag-aaral ng Filipino sa kolehiyo. Ang resultang ito ay nagsisilbing patunay sa babala nina Tan at Macaldao (2026) na ang reduksyon ng mga asignatura sa Filipino ay isang banta sa kakayahang ng mga susunod na propesyonal na magpahayag ng sarili nang may lalim at kritikal na pag-iisip. Pinatutunayan nito na ang kasanayang nakuha sa Senior High School ay nagsisilbing pundasyon lamang, at ang kolehiyo ang siyang dapat magpatuloy sa proseso ng intelektwalisasyon upang matiyak na ang mga mag-aaral ay magiging bihasa sa akademikong diskurso at propesyonal na komunikasyon.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang pagbabawas ng mga asignaturang Filipino sa antas tersyarya ay hindi nagpababa sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa halip, lalo nitong binigyang-diin ang pangangailangan para sa isang kurikulum na kumikilala sa Filipino bilang wika ng intelektwal na pag-unlad at tagumpay sa propesyon. Ang pananatili ng wika sa kolehiyo ay hindi lamang usaping pang-kultura, kundi isang pangangailangang pang-akademiko upang maprotektahan ang integridad ng kanilang propesyonal na paghahanda at pambansang pagkakakilanlan.

Rekomendasyon

1. Para sa University Curriculum Committee at Administrasyon ng WMSU:

Dahil sa napatunayang kakulangan ng sapat na kaalaman mula sa SHS (Q3 Mean: 3.13), inirerekomenda ang pagpanatili at pagpapalakas ng mga asignaturang Filipino sa ilalim ng *General Education Curriculum* (GEC). Iminumungkahi na magkaroon ng isang *University Administrative Order* na nagtatakda sa Filipino hindi lamang bilang opsyon kundi bilang pangunahing bahagi ng akademikong pundasyon ng lahat ng kolehiyo sa unibersidad upang masiguro ang mataas na kalidad ng komunikasyon ng mga mag-aaral.

2. Para sa mga Dekano at Kaguruan ng Iba't Ibang Kolehiyo:

Batay sa mataas na pagpapahalaga sa aspetong propesyonal (Mean: 4.53), inirerekomenda ang pagbuo ng *Contextualized Instructional Materials* (IMs). Ang bawat departamento ay dapat magkaroon ng mga module sa "Filipino sa Iba't Ibang Disiplina" na nakatutok sa kanilang espesyalisasyon.

Halimbawa:

College of Nursing: Filipino para sa Health Assessment at Pakikipag-ugnayan sa Pasyente.

College of Engineering: Filipino sa Teknikal na Pagsulat at Pamamahala ng Proyekto sa Komunidad.

College of Criminal Justice Education: Filipino sa Pagsulat ng Blotter at Pagsisiyasat.

3. Para sa Sentro ng Wika at Kultura (SWK-WMSU):

Inirerekomenda ang paglulunsad ng "*WMSU Lingua-Pro Forum*," isang taunang kumperensya kung saan itatampok ang mga pananaliksik at malikhaing gawa ng mga estudyante na nakasulat sa Filipino. Layunin nito na gawing praktikal ang pagpapahalaga sa identidad (Talahanayan 2, Mean: 4.43) sa pamamagitan ng pagpapakita na ang Filipino ay wika ng seryosong pananaliksik at hindi lamang pang-kultura o pang-entablado.

4. Para sa mga Student Organizations at The Crimson (University Publication):

Dahil sa positibong saloobin ng mga mag-aaral sa kurikulum (Talahanayan 3, Mean: 4.38), inirerekomenda ang pagpapaigting ng mga kampanyang pangwika sa loob ng kampus. Ang opisyal na pahayagan ay dapat maglaan ng mas malalim na kolum para sa mga artikulong tumatalakay sa mga isyung pambansa gamit ang Filipino, upang malinang ang kritikal na pag-iisip na hinahanap ng mga respondente sa kanilang kurikulum.

5. Para sa mga Susunod na Mananaliksik:

Inirerekomenda ang pagsasagawa ng isang *Qualitative Study (Case Study o Phenomenology)* upang masusing mahimay ang mga personal na karanasan ng mga mag-aaral. Layunin nito na matukoy ang mga tiyak na dahilan kung bakit nananatiling (Katamtaman, Mean: 3.13) ang kanilang tiwala sa kaalamang nakuha mula sa Senior High School (SHS) at kung anong mga kasanayan ang sa tingin nila ay kulang para sa antas tersyarya.

Iminumungkahi rin ang pagpapalawak sa saklaw ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagsama sa pananaw ng mga administrador ng unibersidad at mga employers o katuwang na ahensya sa trabaho sa Zamboanga City. Sa pamamagitan nito, masusuri ang aktuwal na "*market demand*" o ang pangangailangan sa wikang Filipino sa iba't ibang propesyon. Ang ganitong uri ng pag-aaral ay magbibigay ng mas komprehensibong datos na magpapatunay sa halaga ng Filipino bilang isang kritikal na kompetisyon (*critical competency*) sa lokal at global na merkado ng paggawa.

REFERENCES

- [1] **Commission on Higher Education. (2013).** *General education curriculum: Holistic understandings, intellectual and civic competencies* (CHED Memorandum Order No. 20, Series of 2013). <https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2017/10/CMO-No.20-s2013.pdf>
- [2] **San Juan, D. M. S. (2015, April 15).** *Tanggol Wika versus Noynoy-CHED* (Supreme Court petition). [http://www.academia.edu/11956347/Tanggol Wika versus Noynoy-CHED Supreme Court Petition](http://www.academia.edu/11956347/Tanggol_Wika_versus_Noynoy-CHED_Supreme_Court_Petition)
- [3] **Komisyon sa Wikang Filipino. (2014).** *Ortograpiyang pambansa*. <https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/Ortograpiyang-Pambansa.pdf>
- [4] **Darupan, J. M. D., Herminigildo, L. M., Maniego, S. C., Martinez, E. G. S., & Socorro, L. V. (2022).** Kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng mga asignatura sa panitikan, kultura at kasaysayan ng Pilipinas sa mag-aaral na medyor sa Filipino. *Journal of Arts, Anthropology and Sociology*, 3(2). <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcjpmra/article/view/13502>
- [5] **Lansang, K. G., & Zamora, N. C. L. (2025).** Integration of Filipino language in teaching technical-vocational and livelihood education. *Journal of Technical Education and Training*. <https://publisher.uthm.edu.my/ojs/index.php/JTET/article/view/19039>
- [6] **Garcia, M. M., Llagono, C. R., Plesing, M. G. R., & Dela Peña, H.-K. V. (2025).** The use of the Filipino language in learning: Benefits and challenges. *Pantao: The International Journal of the Humanities and Social Sciences*, 4(4), 6486–6496. <https://doi.org/10.69651/PIJHSS0404598>
- [7] **De Mesa, R. R. O., Pagtalunan, J. J. F., Salvaleon, C. L. B., & Valderas, L. R. R. (2020).** Filipino: Senior high students' perceptions on the removal of Filipino subject in college. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 4(1). <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/2714>
- [8] **San Juan, D. M. M. (2015).** Kapit sa patalim, liwanag sa dilim: Ang wika at panitikang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo (1996–2014). *HASAAN Journal*, 2, 33–64. <https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2019/04/HASAAN-Journal-Tomo-II-2015-33-64.pdf>
- [9] **Ringor, L. G., Tiana, L. B., & Delos Reyes, R. B. (2024).** Potential effects of Filipino subject removal in senior high school: Analysis on language usability and relatability. *Environment and Social Psychology*, 9(12). <https://doi.org/10.59429/esp.v9i12.3269>
- [10] **Case study: Fighting for Filipino integrity. (n.d.). IPL.org.** <https://www.ipl.org/essay/Case-Study-Fighting-For-Filipino-Integrity-PK8OUK3RCE86>
- [11] **Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. II S. (2024).** Students' proficiency in using Filipino language in academic communication. *International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education*, 3(3), 307–314. <https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08>
- [12] **Villaruz, J. M., & Palma, R. C. (2024).** Metacognitive awareness of writing strategies, oral proficiency, and writing instructions: A structural equation model of academic writing skills in Filipino language. *Asian Journal of Advanced Research and Reports*, 18(7), 114–134. <https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i769>
- [13] **De Jesus, L. F., Javier, N. L., & Mendiola, A. V. (n.d.).** *Programang pampananaliksik tungo sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino*. <https://philarchive.org/rec/DEJPPT>
- [14] **Wong, J. A., & Villanueva, V. M. (2025).** Modelong estratehiya sa paglinang ng kasanayang pampagtatrabaho tungo sa integrasyon sa asignaturang Filipino sa pangkalahatang edukasyon: Isang preliminaryong pag-aaral. *Normal Lights*, 19(1). <https://www.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/3130/667>
- [15] **Tan, D., & Macaldao, A. (2026).** *Wikang Filipino: Susi sa pag-unlad kapag itinuro at pinagyaman*. [https://www.researchgate.net/profile/Darren-Tan-25/publication/401692988 WIKANG FILIPINO SUSI SA PAG-UNLAD KAPAG ITINURO AT PINAGYAMAN/links/69ae693a1a0d8b29ca71ceb2/WIKANG-FILIPINO-SUSI-SA-PAG-UNLAD-KAPAG-ITINURO-AT-PINAGYAMAN.pdf](https://www.researchgate.net/profile/Darren-Tan-25/publication/401692988_WIKANG_FILIPINO_SUSI_SA_PAG-UNLAD_KAPAG_ITINURO_AT_PINAGYAMAN/links/69ae693a1a0d8b29ca71ceb2/WIKANG-FILIPINO-SUSI-SA-PAG-UNLAD-KAPAG-ITINURO-AT-PINAGYAMAN.pdf)
- [16] **ABS-CBN News. (2024, November 11).** *Pagtanggal ng Filipino subject sa kolehiyo, bakit tinututulan?* <https://www.abs-cbn.com/life/11/24/18/pagtanggal-ng-filipino-subject-sa-kolehiyo-bakit-tinututulan>
- [17] **Polytechnic University of the Philippines. (n.d.).** *Modyul 1: Pagpapahalaga sa wikang Filipino* [Instructional module]. <https://www.pup.edu.ph/ous/>
- [18] **The Varsitarian. (2014, December 4).** *CHED reaffirms decision to remove Filipino subjects in college*. https://varsitarian.net/news/20141204/ched_reaffirms_decision_to_remove_filipino_subjects_in_college